# TUNGKOL SA ASIAN CITRUS PSYLLID



Ang mga **Asian citrus psyllid** ay maliliit - hindi hihigit sa $1/8^{th}$ ng isang pulgada ang haba, kulay-kape at may pakpak na insekto na kumakain ng mga dahon at tangkay ng puno ng citrus.



**Hanapin ang maliliit at kulay-kapeng pesteng** kumakain ng mga dahon ng citrus na ang katawan ay nasa anggulong 45 degrees.



**Ang mga anak na psyllid** na tinatawag na mga nymph ay lumilikha ng puting malagkit na sangkap.



**Suriin ang mga bagong sibol**– ang pinakamaliliit at malalambot na bagong sibol na dahon sa iyong puno ng citrus - kung may psyllid. Ito ang paboritong lugar ng pesteng Psyllid para kumain at mangitlog.

CP-254-1115-V5

**CITRUS PEST & DISEASE PREVENTION PROGRAM**

**CALIFORNIACITRUSTHREAT.ORG**

# TUNGKOL SA HUANGLONGBING (HLB)



Ang **Huanglongbing** ay isang malubhang sakit ng halaman na pumapatay sa mga puno ng citrus at walang lunas. Maaari itong magdulot sa mga naapektuhang puno ng wala sa panahon at labis na pagkalaglag ng mga prutas.



**Ang HLB ay nagdudulot** ng batik-batik at hindi pantay na paninilaw sa mga dahon sa puno ng citrus.



**Ang mga prutas na citrus na mula sa mga punong naapektuhan ng HLB** ay magiging mapait at hindi makakain, maaaring hindi lubusang maghinog, mag-iiba ang hugis at mawawalan ng kanilang may simetriyang anyo.



**Ang nakaangat, kumakapal o naka-umbok at paliku-likong mga ugat** sa mga dahon sa puno ng citrus ay ang iba pang mga sintomas ng HLB.

**Suriin** ang mga puno para sa mga sintomas kapag dinidiligan, iniispreyan, pinupungusan o inaalagaan ang mga puno.

**Iulat** ang peste o mga sintomas ng sakit sa libreng hotline sa buong estado: **800.491.1899**.

**CALIFORNIACITRUSTHREAT.ORG**